

Panukala Ukol sa Kautusang Serbisyo sa Komunidad

Deskripsyon ng Serbisyo

Ang Kautusang Serbisyo sa Komunidad (Community Service Orders (CSO) ay isang opsyon sa paghatol na nakabatay sa komunidad sang-ayon sa Ordinansa sa Kautusang Serbisyo sa Komunidad, Cap 378 (Community Service Orders Ordinance, Cap 378). Ang korte ay maaaring mag-utos sa isang tao na may edad 14 o pataas at napatunayang nagkasala na may karampatang parusa na pagkabilanggo para magtrabaho ng ilang oras na walang bayad na hindi lalampas ng 240 oras sa loob ng 12 buwan sa pangangasiwa ng isang ‘probation officer’ (PO) na siya ring magbibigay ng pagpapayo at gabay sa nagkasala.

Layunin

Ang CSO ay naglalayon sa pagsasaayos at pagpapanibagong buhay. Ayon sa kautusan, ang mga nagkasala ay kinakailangang gumawa ng serbisyo sa mga oras na wala silang ginagawa bilang pagbabayad sa pinsala na ginawa nila sa komunidad. Sa pamamagitan ng serbisyo sa komunidad at gabay ng opisyal na taga-pagsubok, ang mga nagkasala ay matutulungang magbago. Ang pangunahing layunin ng CSO ay ang mga sumusunod:

(a) Pagpapanibagong-buhay

Sa pamamagitan ng pagtatayo at pagsasaayos ng trabaho/serbisyo at sa patnubay ng POs, ang mga nagkasala ay tinutulungan na tumupad sa alituntunin, harapin ang responsibilidad para sa patuloy na pagbuti, palawakin ang pag-asa, paunlarin ang lubos na pagpapahalaga sa sarili, pagyamanin ang mas may kabuluhang takbo ng buhay at piling umiwas na muling makagawa ng krimen.

(b) Paglutas na nagbibigay-liwanag (Constructive disposal)

Ang mga nagkasala ay pinapayagang patuloy na manirahan sa komunidad na walang paggambala sa kanilang pag-aaral/pagtatrabaho at mga gawaing pangrelihiyon.

(c) Bayad-pinsala (Reparation)

Pagkakataon ang ipinagkakaloob sa mga nagkasala para sila ay tumulong sa paggawa ng mga trabahong walang bayad para makinabang ang komunidad kung saan sila ay nakagawa ng pinsala.

Uri ng Serbisyo

- (a) Sa paghahain sa korte, ang POs ay naghahanda ng ulat bago ang paghahatol kasama ang mga ulat na galing sa Probation Officer (Probation Officer's Reports) at angkop na ulat para sa Kautusang Serbisyo sa Komunidad (Suitability Reports for Community Service Orders) sa pagpapanibagong-buhay ng mga nagkasala.**

- (b) Ang POs ay mamamahala ng naaayon sa batas, magbibigay ng personal na patnubay at serbisyong grupong trabaho para sa mga nagkasala na nasa pangangalaga ng CSO.**

- (c) Ang POs ay magsasa-ayos ng walang bayad na trabaho sa mga nagkasala habang ang mga superbisor sa lugar ng trabaho ay pangangasiwaan ang pagbibigay ng pagtuturong tekniko, aktuwal na pamamahala at praktikal na gabay sa iba't-ibang tipo ng trabaho sa lugar.**

Grupong Tinututukan

Ang grupong tinututukan ay ang mga nagkasala na -

- (a) binanggit ng korte para siyasin ukol sa usaping panlipunan**

- (b) ipinag-utos ng korte na ilagay sa pamamahala ng CSO**

Listahan ng mga Tanggapan ng Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad

May pitong Tanggapan ng Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad (PCSOs) at Tanggapan ng Mataas na Hukuman at Korte ng Distrito sa Pagsubok (HC&DCPO) na nagsisilbi sa pitong Korte ng Mahistrado. Korte ng Distrito at ang Mataas na Hukuman (ito ay ang Hukumang Unang Dulugan at Hukuman sa Paghahabol) . Ang adres at listahan ng telepono ng HC&DCPO at ang pitong PCSOs ay maaring kunin dito.

Oras ng Trabaho

(Lunes hanggang Biyernes) : 8:45 a.m. to 6:00 p.m.

Sarado tuwing Sabado, Linggo at Bakasyong Publiko

Tanggapang Nag-uugma sa Kautusang Serbisyo sa Komunidad

Mayroon ding Tanggapan na Nag-uugma sa Kautusang Serbisyo sa Komunidad na nagtataguyod sa PCSOs and HC&DCPO sa pagkilala at pag-uugma ng mga proyektong trabaho at makipag-ugnayan sa POs tungkol sa uri ng pagtatrabaho ng mga nagkasala na nasa pangangalaga ng CSO

Adres at numero ng telepono :

**Room 813, 8/F., Sha Tin Government Offices,
1 Sheung Wo Che Road, Shatin, New Territories.**

Tel No : 2158 6547

Fax No : 2609 4178

Oras ng Trabaho :

(Lunes hanggang Biyernes) : 8:45 a.m. to 6:00 p.m.

Sarado tuwing Sabado, Linggo at Bakasyong Publiko

**Listahan ng Tanggapan ng Mataas na Hukuman at Korte ng Distrito sa
Pagsubok at Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad**

Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad	Adres	Telepono	Fax
Tanggapan ng Mataas na Hukuman at Korte ng Distrito sa Pagsubok	Room 335, 3/F, Wan Chai Tower, 12 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong	2582 4025	2582 4017
Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Eastern	Room 1226, 12/F, Eastern Law Courts Building, 29 Tai On Street, Sai Wan Ho, Hong Kong	2151 8142	2572 9214
	Room 1212-1214, 12/F, Eastern Law Courts Building, 29 Tai On Street, Sai Wan Ho, Hong Kong	2546 7973	2975 4613
Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Kowloon City	Room 404, 4/F, Kowloon City Law Courts Building, 147M Argyle Street, Kowloon	2767 3143	2350 6207
	11/F, To Kwa Wan Government Offices, 165 Ma Tau Wai Road, To Kwa Wan, Kowloon	2323 4745	2775 0548
Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Kwun Tong	8/F, Kowloon East Government Offices, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon	3468 2157	2775 2027
	7/F, Kowloon East Government Offices, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon	2727 0151	2374 4057
Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Shatin	Room 801, 8/F, Sha Tin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Sha Tin, New Territories	2158 6711	2697 9652
Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Fanling	Room 325, 3/F, Fanling Law Courts Building, 1 Pik Fung Road, Fanling, New Territories	2682 7573	2682 2916
	Room 415, 4/F, North District Government Offices, 3 Pik Fung Road, Fanling, New Territories	3427 3661	2682 9351
Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa West Kowloon	Tower A, 2/F, West Kowloon Law Courts Building, 501 Tung Chau Street, Sham Shui Po, Kowloon	3467 2332	2944 9946
Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Tuen Mun	4/F, Tuen Mun Government Offices, 1 Tuen Hi Road, Tuen Mun, New Territories	2451 3123	2404 1161